

# 1

“Engineering Summit in Singapore, here I come,” sabi ni Tricia sa sarili habang humahakbang papasok ng eroplano, matapos ang mahabang paalaman sa pagitan nila ng Kuya Derick niya at ng anak nitong si Chyna na panay ang hirit ng pasalubong kahit na namamalat sa trangkaso at ubo.

Pitong araw ang *2017 ASEAN Engineering Summit* sa *Marina Bay Sands* sa Singapore. May isang buwan na mula nang mabasa ni Engr. Tricia San Miguel sa broadsheet ang paanyaya tungkol dito, kaya pagkatapos niyang magpa-register online ay agad niyang ipinaalam ito sa mga kasosyo niya sa *Dunamis Builders*. Pero ang plano niya ay magstay rito nang isang buwan para makapagliwaliw pagkatapos ng summit.

*“Birthday treat ko sa sarili ko,” patuloy na pangungumbinsi niya kay Raymond, ang kanyang classmate sa college na ngayon ay business partner niya sa construction firm na ipinatayo nila sa Makati. Ayaw kasi nitong umalis siya nang matagal dahil madami umano silang dadaluhang biddings at close deal meetings.*

“Payagan mo na nga,” gatong ni Cecil, ang isa pa nilang tropa sa college at kasosyo sa firm. Kumindat pa ito sa kanya. Bago kasi niya kausapin si Raymond ay may usapan na sila ni Cecil na tutulungan siya nitong kumbinsihin ang lalaki. “Masyadong subsob sa trabaho si Tricia kapag narito sa office. Tatal nasa Singapore na rin lang siya, bakit hindi pa niya lubus-lubusin ang pamamasyal d’on? Sa katapusan pa naman ng November ang birthday niya, eh, di saka na tayo mag-party pagbalik niya.”

“Baka dumiretso siya ng Australia, eh,” sagot ni Raymond. “Hindi ako mabubuhay pag gan’on. Dala kasi niya ang puso ko.”

Napangiti si Tricia. Sa tuwing maaalala niya ang mga palipad-hangin ni Raymond sa kanya ay napapangiti siya. Marahil ay nakakatuwa lang pakinggan. Pero wala iyong kilig factor na ilang taon na niyang kinakapa sa puso niya para kay Raymond. Simula noong first year college pa lang sila ay magkaibigan na sila, at nagmula rin naman ito sa well-off family. Pero ewan ba naman niya at nagpakatanga siya sa pagmamahal sa isang lalaking iba ang minamahal.

Alas dos ng hapon nang lumabas sa *Singapore Changi International Airport* si Tricia.

“Welcome to Singapore, welcome to *Marina Bay Sands*,” bati sa kanya ng nakangiting receptionist.

“I’m a delegate to the *2017 ASEAN Engineering Summit* from Manila, Philippines,” pakilala niya.

Dito na rin niya naisipang mag-check in para hindi siya ma-late sa conference dahil hindi niya kabisado ang buong lungsod. Iginiya siya ng receptionist sa Garden Walk Function Room sa level four. Alas cinco pa raw mag-uumpisa ang general assembly. Kaya matapos niyang silipin ang Garden Walk ay nakipag-arrange na siya sa kinuha niyang Club Room na kung saan ay tanaw niya ang buong lungsod.

---

May dalawang oras pa bago ang general assembly ng summit. Nag-shower muna si Tricia bago lumabas ng kanyang room para mag-explore sa buong hotel. Kumakalam na rin ang sikmura niya, kaya naisipan niyang kumain sa restaurant na rin ng hotel na ito.

Binalikan niya ang building directory na nasa lobby ng *Marina Bay Sands* upang maghanap ng makakainan. Isang lalaki ang tila sinasadyang humarang sa directory na binabasa niya. Nagsisimula na siyang mainis dahil kung saan siya tumitingin ay parang doon pa ito talagang humaharang. Ang laking

tao pa naman na nito, na sa tantiya niya ay nasa five foot nine inches tall ang taas.

Hindi na siya nakatiis. Kinalabit niya ito sa balikat.

“Excuse me?” Kahit naiinis ay pinilit niyang magpaka-polite. Mahirap na. Baka ibang lahi ito, at malamang na hindi sila magkaintindihan.

Isang pamilyar na mukha ang bumungad sa kanya sa pagpihit ng lalaki paharap. Napakalawak pa ng pagkakangiti nito.

Napasinghap si Tricia. Gusto sana niyang kurutin ang sarili. Baka kasi nasa eroplano pa siya at natutulog, at pagkatapos ay panaginip lang pala ang kaganapang ito.

“Archie?” kunot-noong paniniguro niya.

Sa halip na sumagot agad ay tinakpan ng palad nito ang bibig niya. “Pasalamat ka, walang langaw dito.”

Naramdaman niya ang mainit na kamay ni Archie sa bibig niya. Hindi siya nananaginip!

“A-ano’ng ginagawa mo dito?” naitanong niya sa kawalan ng masabi.

“Hey! Engineer din kaya ako,” natatawang tugon nito. “*PICE* sent me an email about this summit. Tamang-tama din naman na pinapabalik ako ni Sir Ramon sa Manila.”

Ang *PICE* ay isang malaking organisasyon ng civil engineers sa Pilipinas.

“Pero... walang sinabi sa ’kin si Ate Bea na uuwi ka, or a-attend ng summit,” patuloy na protesta niya. Masarap sana ang idea na magkasama sila ni Archie rito sa Singapore. Pero dahil nararamdaman niyang affected pa rin siya ng presence nito, naalarma siyang baka hindi pa niya lubusang nakakalimutan ang feelings niya para sa binata, na may limang taon niyang pinilit tanggalin sa puso niya.

Bahagya siyang napapitlag nang hawakan nito ang kamay niya at hilahin siya nito.

“Halika nga,” anito. “D’on na lang tayo magkuwentuhan sa *Pizzeria Mozza*. Kanina pa naghahanap ng spicy pizza ’tong dila ko.”

Hindi na nakaimik ang dalaga, at hindi rin niya makuhang kumalas sa pagkakahawak nito sa kanya. Mukhang tama ang hinala niya, may nararamdaman pa rin siya para kay Engr. Arcenio Morillo. At hindi okay iyon dahil baka ikinasal na ito kay Amery bago

ito nagtungo ng Dubai bilang project manager ng *Ramstar Communications*.

“Dito muna ako habang inaasikaso natin ang papers ng itatayo nating *Dunamis Builders*,” ani Tricia kay Cecil noong nagsisimula pa lang silang magtayo ng construction firm sa Makati. Sa nabanggit ding lungsod ay nakikitira pa lang si Cecil sa kapatid nito na may asawa na pero wala pang anak.

“Habang nag-aasikaso? O habang hindi pa nakakaalis si Archie papuntang Dubai?”

Nabalitaan niya noon na nag-level up na si Archie Morillo sa career nito. Noong nagsisimula pa lang ito sa *Ramstar Communications* ay pulos provincial projects ang naisasara nitong deal. Hanggang sa makapagsara ito ng deal sa Dubai.

Nabalitaan na lang niya sa Ate Bea nito na asawa ng kapatid niyang si Dr. Derick San Miguel, na nakaalis na si Archie. At hanggang doon lang ang balitang kaya niyang tanggapin. Sinadya niyang iwasan na may malaman pang ibang detalye tungkol sa lalaki katulad ng kung ikinasal na ba ito kay Amery. Kung may kasalan mang naganap ay hindi na rin siguro iyon ipinaalam sa kanya ng hipag niya.

“May napili ka na ba?”

“H-ha?” Napamaang si Tricia. Nakatitig lang kasi siya sa menu book habang lumilipad ang isip. Inagaw sa kanya ni Archie ang hawak niya.

“Akin na nga,” anito. “Baka naman kasi nakatingin ka sa mga presyo ng pizza kaya hindi ka maka-order. Huwag kang mag-alala, my treat.”

Pinilit niyang magpaka-casual sa harap ni Archie. Just like the old times... Noong mga panahong kaklase pa lang niya ito sa college at ka-partner sa thesis.

“Ano naman ang palagay mo sa 'kin? Walang pera?” singhal niya rito.

“Hindi,” tugon ni Archie. “Kuripot!”

“Ah... Gan'on ha?” may paghahamong sabi niya. Inagaw uli niya ang menu book mula sa kausap at tinawag ang waiter. Lahat ng signature menu tulad ng crispy duck legs with lentils, lasagna al forno, at Nancy's chopped salad, at iba pang mamahaling pagkain ang inorder niya kahit hindi siya pamilyar sa mga ito.

---

Full bloom na si Tricia, at agad niya itong napansin noong nag-che-check in pa lang ito sa

reception desk. Napangiti si Archie nang makita ang dalaga, at naisip na siguradong magugulat ito kapag nalamang narito rin siya. Kaya naisipan niyang sorpresahin ito sa mismong conference room. Hindi naman niya akalaing magkikita uli sila sa lobby bago pa magsimula ang summit.

Dati ay balingkinitan ang babae at parang kawayan dahil diretsong-diretso ang katawan. Pero ngayon ay kapansin-pansin ang hubog ng katawan nito sa suot na baby pink sleeveless blouse at off-white leggings. May manipis na lipstick ito sa manipis nitong labi. Natural pa rin ang maitim at makintab nitong buhok na hanggang balikat. Pero ang higit na kapansin-pansin kay Tricia ay ang mga mata nito. Katulad ito ng mga mata ng Kuya Derick nito na sumasabay sa labi kapag ngumingiti.

“Saan ka nga pala naka-check in?”

Bahagya pa siyang nagulat sa tanong ni Tricia. Hindi kasi niya namalayang nakatitig na pala siya rito. Kaaalis lang ng waiter dala ang listahan ng order nila.

“Ah... sa *Grand Park Orchard*,” tugon niya. “Yon kasi ang nasa package na kinuha ko.”

“Hmm...” Tumaas ang isang kilay nito nang



muling tumingin sa kanya. “Bakit parang hindi ka nagulat na narito din ako?”

“Nabanggit sa ’kin ni Ate Bea na pupunta ka sa summit, which happened to be the same summit na pupuntahan ko. Hindi ko sinasabi sa kanila, lalo na kay Amery na pinapauwi ako ng boss ko... Alam mo na, mahilig ako sa surprises. Kaya hindi ko na rin binanggit na pupunta ako sa summit.”

“Kumusta na nga pala si... Amery?”

“O-okay naman... Siya ang nagma-manage ng resort nila sa Bunlo.”

“Hmm... Marami na siguro kayong naiipon... Bakit hindi pa kayo magpakasal?”

Napangiti si Archie. Mukha talagang napaghilom na ng panahon ang sugat na hindi niya sinadyang likhain sa puso ni Tricia. Pero hindi siya makapaniwalang hanggang ngayon ay pinanghihinayangan pa rin niya na pinakawalan niya ito para piliin si Amery. Dapat siguro ay natutuwa siya dahil naka-move on na si Tricia. Pero may panghihinayang siyang nararamdaman sa kalooban niya.

“Ayaw naming magmadali,” tugon niya. “Gusto pa naming ma-enjoy ang singlehood namin bago kami lumagay sa gulo. Enjoy siya sa career niya, at

gan'on din ako."

Ang totoo ay isa pang sorpresa ang inihanda niya para sa kanyang ate. Nakapagpatayo na siya ng dream house niya sa Valenzuela, na siya mismo ang nagdisenyo. Habang nasa Dubai ay katuwang niya sa hidden agenda na ito ang kaibigan at boss niyang si Engr. Ramon Catapang. Hindi pa nga lang siya makabili ng sariling sasakyan dahil hindi pa siya sigurado kung pabalik pa siya sa Dubai ng kanyang boss.

Si Mang Alfred, ang dating driver at alalay ni Engr. Catapang, ang ginawa nilang katiwala sa bahay niya. Hindi pa rin pumapasok sa isip niya kung si Amery ang gusto niyang makasama sa bahay na iyon.

Isa-isang dumating ang mga pagkain na inorder ni Tricia. Amoy pa lang ng mga ito ay nagpakalam na ng sikmura ni Archie. Pero ang ipinagpapasalamat niya ay nabaling dito ang atensyon ni Tricia dahil hindi na niya matagalan ang topic tungkol kay Amery.

Wala pa siyang isang taon ng pananatili sa Dubai ay naging madalang na ang communication nila ng babae. Balita niya ay subsob ito sa trabaho, palibhasa ay nag-iisang tagapagmana ng mga resorts sa Bocaue. Hindi niya alam kung mahilig lang talaga siya sa travel, pero isang taon lang ang nakalipas at hindi

na siya gasinong nangungulila sa paglalayo nila ni Amery.

“Ikaw?” naitanong niya. “The last time I heard, umaaligid sa ’yo si Raymond. Kayo na ba?”

Tikom ang bibig ni Tricia nang umiling ito. “Hindi pa. Pero... hindi ko naman isinasara ang possibility na baka kami nga. Malay natin, di ba?”

Babanggitin pa sana niya na noong college pa sila ay matiyaga nang nanliligaw si Raymond dito. Pero naalala niyang hindi magandang balikan ang nakaraan na pareho nilang kinalimutan. Masaya na sila ngayon, hindi lang bilang magkaibigan, kundi bilang hipag ito ng Ate Bea niya, at siya naman ay bayaw ng Kuya Derick nito.

“Mukhang masarap ito, ah,” untag ni Tricia habang itinuturo ang chopsticks sa Nancy’s chopped salad. Hindi pa ito nakontento, tuluyan nitong idinuldol ang chopsticks at kumuha ng kaunting piraso saka tinikman.

Napangiti na naman ang binata. Naalala niya ang mga niluluto ni Tricia noon. Karamihan sa mga iyon ay spicy foods. At doon sila madaling nagkasundo dahil mahilig din siya sa maaanghang na pagkain.

“Try to get the ingredients,” suhestyon niya. “Para

mailuto mo pagdating natin sa Pilipinas.”

“No need. I can make my own version.”

Napangiti lang siya sa tila pagmamayabang ni Tricia. “Sabagay... ikaw pa?”

“Mukhang kabisado mo na ang hotel na ito, ah,” komento nito.

Hindi siya sumagot. Inilabas lang niya ang brochure ng *Marina Bay Sands* at iwinagayway sa harap ng mukha ng kausap. “Narito lahat.”

“Naku!” tugon ng dalaga habang nakatingin sa wristwatch nito. “We only have one hour before the general assembly... I’m so excited to meet Architect David Fisher.”

“Ako nga rin,” sang-ayon niya. “He’s also a very effective lecturer of structural engineering.”

“Kaya kailangang bilisan natin...”

“At kailangang ubusin natin ’to lahat,” dugtong niya. “Dahil malaki ang babayaran mo.”

Pinandilatan siya ni Tricia habang dinuduro siya ng chopsticks. “Anong ako? Ikaw kaya...”

## 2

Bilib na bilib si Tricia sa umpisa pa lang ng conference. Nagsimula ang general assembly ng eksaktong alas cinco ng hapon, at wala halos na-late sa mga delegates. Ipinakilala ang tatlong main speakers. Isang German, isang British, at isang Japanese na pawang mga civil engineers. Binigyan din sila ng overview ng mga makabagong softwares na tatalakayin ng bawat isa sa darating na mga araw.

Nang ipakilala si David Fisher bilang guest speaker ng summit ay hindi magkandaugaga ang dalaga sa pagkuha ng video rito. Ipinakita rin sa slideshow ang proposed rotating skyscraper nito sa Dubai, na ayon dito ay pahapyaw na tinalakay ang structural engineering nito sa software na ipamimigay sa lahat ng delegates.

“O, huwag mong sabihin sa ’king matutulog ka na agad?” untag ni Archie paglabas nila ng conference room, na kung saan ay umokupa ng mahigit tatlong daang delegates. Napuna marahil nito na ang direksyon niya ay patungo sa elevator.

“Wala naman akong gagawin, ’no!” tugon niya. “I have ample time to explore the whole Singapore after

the summit, kasi one month ang vacation leave ko.”

“Night life naman tayo,” pag-aaya nito. “Ikaw lang ang kakilala ko dito. Hindi ako mag-e-enjoy kung solo lang ako sa bar.”

Naglabas siya ng hangin sa ilong habang nagkakamot ng kilay. Ano ba naman itong si Archie? Napakalakas pa rin ng charm sa kanya. Katulad ng dati, kahit naririnig na niya ang mga bulung-bulungan sa campus na nililigawan nito si Amery, ipinapalagay pa rin niya na may pagtingin ito sa kanya sa tuwing aayain siya nitong sumabay dito sa lunch. Kahit na alam niya sa sarili niya na ibinabalik lang ni Archie ang favor sa kanya dahil siya lang halos ang gumagawa ng thesis nila.

Nilakad lang nila ang Clark Quay. Pagsapit nila roon ay naglakad-lakad pa rin sila sa paghahanap ng bar na aakma sa taste nila.

“Know what I’m thinking?” untag ni Archie. “Parang gusto ko ding mag-stay ng one more week dito bago umuwi ng Pilipinas. Kasi wala halos akong time na mag-shopping sa Dubai ng mga pasalubong para sa makulit na si Chyna.”

Bahagya siyang napatawa nang maalala si Chyna. “Aba... Kailangang ikaw ang bumili ng lahat ng nasa

listahan niya dito sa organizer ko. Baby pa lang siya n'ong umalis ka, at sa *Skype* ka na lang niya nakilala.”

Napatawa rin si Archie. “Kumusta na nga pala ang batang 'yon? Pag nag-uusap kami sa *Skype*, parang matanda ang kausap ko.”

“Siya lang naman kasi ang bata sa bahay kaya ang akala niya, matanda din siya. May fever siya n'ong umalis ako, eh.”

Pero muling kumontra ang isang panig ng utak ng dalaga. Dapat ay ipagtulakan na niya si Archie na umuwi ng Pilipinas pagkatapos ng summit habang nasusupil pa niya ang sariling damdamin na unti-unti na namang nahuhulog dito.

Kung bakit kasi, kapag tinitingnan siya ng singkit na mga mata nito ay parang tumatagos hanggang sa kaluluwa niya. Katulad ng Ate Bea nito, maliit din ang ilong nito na bumagay sa maninipis na labi. Pero ang lahat ng katangiang ito ay bonus na lang para kay Tricia. Nakilala niyang hindi ganoon katalino si Archie, pero responsable ito at matiyaga sa pag-aaral. Ginamit nito ang galing sa basketball para maging varsity scholar, nang sa ganoon ay hindi naging masyadong mabigat ang pagpapaaral ng kapatid dito.

Nag-iisa lang si Ate Bea na nagtaguyod sa kapatid

nito dahil bata pa ang mga ito nang maulila. At nasaksihan ni Tricia kung paano nagtulungan ang magkapatid para paunlarin ang mga sarili. Dahil siguro sa nag-iisa nitong kapatid na babae kung kaya naging natural na kay Archie ang pagiging maginoo.

“Ayun!” bulalas ng lalaki habang itinuturo ang *Forbidden City* sa kabilang road. “Eto ang hinahanap kong bar. Ingat lang tayo sa pagtawid, ha? Kasi baliktad ang lane dito.”

May sampung metro pa ang nilakad nila bago nakakita ng pedestrian lane. Hinawakan uli ni Archie ang kamay niya, marahil ay para alalayan siya sa pagtawid.

“Teka,” awat niya rito, “mamaya na tayo tumawid, pag nag-red light na lang uli.”

“Abot pa ’yan,” pagpupumilit nito. “Mabilis naman tayong tumakbo, di ba?”

Wala na siyang nagawa nang hilahin siya ni Archie. Pagdating nila sa kalagitnaan ng pedestrian lane ay nagpalit na ng green light. Nabitiwan siya ng binata nang umarangkada ang isang SUV na nasa tapat nito.

“Archie!”



Hindi mapigilan ni Tricia ang panginig ng katawan habang nilalapatan ng pangunahing lunas si Archie sa emergency room ng *Singapore General Hospital*. Hindi niya halos napapansin na hindi rin mapakali ang lalaking hindi niya alam kung driver ba o mismong may-ari ng SUV habang nakikipag-usap sa nurse. Kahit hindi niya naiintindihan ang pinag-uusapan ng mga ito, alam niyang ipinagagawa ng estranghero ang lahat ng tests para matiyak na maayos ang kalagayan ni Archie. Maya't maya rin ang hingi nito ng paumanhin sa kanya.

Walang malay si Archie, at iyon ang ikinababahala niya. May putok ito sa noo, at mukhang masama ang tama nito sa braso. Sunod-sunod ang patak ng luha niya, at hindi maintindihan kung paano ito sasabihin sa Ate Bea niya.

Kinuha ni Tricia ang cellphone sa bag. Nang mahanap ang pangalan ni Ate Bea sa phonebook ay sumagi sa isip niya ang sinabi ni Archie kanina.

*“...Hindi ko sinasabi sa kanila, lalo na kay Amery na pinapauwi ako ng boss ko... Alam mo na, mahilig ako sa surprises. Kaya hindi ko na rin binanggit na pupunta ako sa summit.”*

Sisirain ba niya ang surprise ni Archie para sa mga minamahal nito? Pero mukhang malala ang lagay ng binata, at karapatan ng mga mahal nito sa buhay na malaman iyon.

“Miss?”

Nagpahid muna siya ng luha bago nilingon ang tumatawag sa kanya. Isa pala itong Pinay na nurse.

“Ang s’abi ng doctor, open fractured ang elbow ni Sir,” anito. “At kailangan siyang maoperahan agad.”

Open fractured? Kahit kapatid siya ng isang doctor, at nagmamay-ari sila ng ospital sa Bocaue, wala siyang naiintindihan sa mga medical terms. Magkaganoon man ay alam niyang matagal-tagal na treatment ang open fracture.

“Pakisabi sa doctor, kahit ano’ng makakapagpabuti sa lagay ni Archie, ’yon ang gawin n’yo,” pagmamakaawa niya.

“Sige, Miss,” tugon nito. Iniabot nito sa kanya ang isang folder at isang ballpen. “Paki-sign na lang ng consent na ito para maoperahan agad siya.”

Nanginginig pa rin ang mga kamay ni Tricia nang pirmahan niya ang consent. Mayamaya lang ay nakita niyang mabilis na kumilos ang hospital staff

para dalhin si Archie sa operating room. Nanlalambot na naupo siya sa waiting area. Hindi niya namalayan ang paglapit sa kanya ng may-ari ng SUV. Nakita na lang niya na may iniaabot itong card sa kanya.

“Here is my calling card,” anito. “Call me if there is any problem, I will pay all the charges, don’t worry. My driver is already in the police station, and I have to attend to him. I’m also leaving you this cash. You can have him confined to a suite room.”

Hindi na sana niya kukunin ang perang ibinibigay nito. Pero hindi niya kabisado ang gastos sa ospital na ito, at baka rin naman kapusin siya sa baon niyang pera, pati na ang credit limit ng kanyang credit card.

“Call me, okay?” ulit nito habang humahakbang palayo. Tumango lang siya.

---

Unang pagmulat niya ay blurred pa ang nakikita niya sa paligid. Pumikit uli siya at muling nagmulat. Pulos puti ang nakikita niya. Iginala niya ang kanyang paningin hanggang sa may makita siyang dextrose sa bandang itaas ng ulunan niya. Tinangka niyang kumilos, pero kumirot ang sentido niya.

Hahapulin sana niya ang sentido nang mapansin niyang may taong nakasubsob sa hinihigaan niyang

kama. Lumapag sa ulo nito ang kamay niyang hahaplos sana sa sentido niya.

Naalimpungatan ito, at tila tuluyang nagising nang mapatingin sa kanya.

“Archie? Thank God, gising ka na! Are you alright? Ano’ng masakit sa ’yo?”

Lalong kumirot ang sentido ng binata. Pati yata ang buong ulo niya ay sumakit nang tawagin siyang *Archie* ng babaeng ito.

“Archie?” paniniguro niya sa narinig. “Archie ba ang pangalan ko?”

Mas mukhang nagulat ito kaysa kanina.

“H-ha? Teka... sandali, tatawag ako ng nurse,” natatarantang sabi nito.

“Sandali,” awat niya rito. Pero napindot na nito ang intercom at nagsimulang tumawag ng nurse. “Nurse? Bakit may nurse? Nasaan ba ako?”

Nang balikan siya ng babae ay lumuluha na ito. “Archie, huwag ka namang ganyan, o. Huwag mo akong biruin nang ganyan.”

“Teka... bakit naman kita bibiruin? Hindi kita kilala.”

Sa halip na sumagot ang kausap ay nilingon nito ang doctor na pumasok, kasama ang tatlong nurse.

“What’s going on?” natatarantang tanong nito sa manggagamot. “He can’t recognize me. He doesn’t even know his own name.”

Tinapatan ng doctor ng flashlight ang mga mata ni Archie. May isang nurse na tumitingin sa kanyang dextrose at oxygen. Habang ang isa naman ay naglalagay ng sphygmomanometer sa kanyang kaliwang braso. Noon lang niya napansin na may benda pala ang kanang braso niya, at wala itong pakiramdam kaya hindi niya maigalaw.

Naririnig niya ang sinasabi ng doctor sa mga nurse, pero wala siyang maintindihan. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Wala na nga siyang maalala, hindi pa niya maintindihan ang mga tao sa paligid niya. Bukod sa mukhang Chinese ang mga ito, parang Chinese pa ang lengguwahe.

“Miss, ano ba ang nangyari sa ’kin?” patuloy na pag-uusisa niya. “Bakit ako narito?”

Hinarap ng doctor ang babaeng kausap niya kanina.

“He is having a temporary amnesia, which is a result of trauma during the accident, and it could

have been triggered by stress.”

Amnesia? Naaksidente siya? At sino naman kaya ang babaeng ito? O sino kaya ito sa buhay niya? Mukhang hindi lang sila basta magkakilala. Kanina pa kasi ito iyak nang iyak.

Sa paghahagilap ng sagot sa mga tanong sa isip niya ay nadagdagan pa ang kirot sa buong ulo niya. Ano ang magiging buhay niya paglabas dito sa ospital, kung ganitong blangko ang utak niya, na pati ang kanyang sarili ay hindi niya nakikilala?

---

Dalawang araw pa ang itinigil ni Archie sa ospital kahit nalagyan na ito ng cast dahil kailangan pa raw itong obserbahan. Hindi naman nagpabaya ang lalaking nagpakilalang si Mr. Woo na may-ari ng SUV. Patuloy itong umasiste sa kanila hanggang sa makalabas ng ospital si Archie.

Unang inasikaso ni Tricia ang paglipat ni Archie mula sa tinutuluyan nitong hotel hanggang sa *Marina Bay Sands*, sa mismong room na tinutuluyan niya. Sa kalagayan ng lalaki na walang maalala, naisip niyang hindi niya ito maaaring iwanang mag-isa.

“Ito ang bed mo,” untag niya sa lalaki habang inaayos ang kama nito, “at doon naman ako sa kabila.

Dalawang araw tayong hindi nakadalo ng summit. Itatanong ko mamaya sa organizer kung p'wede pa tayong humabol sa mga natitira pang sessions.”

Nagpasya siyang huwag nang ipaalam sa kapatid nito at kay Amery ang nangyari dahil maayos naman ang kalagayan ni Archie. Napag-usapan nila habang nasa ospital na pag natanggal na ang cast nito ay saka sila uuwi ng Pilipinas dahil may mga medications pa ito na kailangang tapusin. Iyon nga lang, hindi nila alam pareho kung hanggang kailan ang temporary amnesia nito.

Umupo si Archie sa kama at isinandal ang ulo sa headboard. “Huwag na kaya tayong dumalo sa summit na sinasabi mo? Baka lalo lang sumakit ang ulo ko d'on.”

Kahit nanghihinayang si Tricia na hindi na niya makikita ulit si David Fisher, at sa bagong technology na matututunan sana niya sa summit, naisip niyang may punto rin si Archie sa sinabi nito. At saka makakaagaw lang ito ng pansin ng ilang delegates doon dahil sa benda nito at ilang plaster sa ulo.

“O sige,” sang-ayon niya. “Pero huwag mong pupuwersahin ang brain mo, ha? Dahan-dahan lang... May mga maaalala ka rin basta huwag mong pipilitin para hindi sumakit ang ulo mo. At oo nga

pala, oras na ng pag-inom mo n'ong isa pang gamot.”

Kumuha siya ng isang basong tubig at ipinagbukas ito ng gamot. Sa halip na kunin nito ang capsule sa kamay niya ay hinawakan siya nito.

“Sigurado ka bang magkaibigan lang tayo?”

Hindi agad nakaimik si Tricia. Ni hindi rin niya makuhang kunin ang kamay niyang hawak nito. May gumagapang na kilabot sa buong pagkatao niya.

Inagaw niya ang kamay, at isinubo kay Archie ang capsule. Iniabot niya rito ang baso ng tubig at tinalikuran ito.

“Ano ka ba?” sansala niya sa kausap. “Kung may relasyon tayo, hindi twin bed ang kukunin kong room. At saka... hindi kita type, 'no!”

“Yabang naman nito,” nakangusong tugon ng binata habang ipinapatong ang baso sa side table. “Kaya ko lang naman naitanong dahil 'yong concern na ipinapakita mo. Parang... parang...”

“Parang ano?” naiinip niyang tanong.

“Parang may kasamang pagmamahal.”

Tinaasan niya ito ng kilay. Ganoon ba siya ka-transparent sa isang tao kahit may amnesia ito?



“Natural!” sagot niya. “Para na tayong magkapatid dahil ang kuya ko ay asawa ng ate mo. At ipapaalala ko lang sa ’yo, may isa tayong pamangkin na ipagsa-shopping natin dito sa Singapore... Kaya matulog ka na para makapagpahinga ka na.”

“Tek,” awat ni Archie, “natawagan mo na ba sila? Nasabi mo na ba sa kanila ang nangyari sa ’kin at ang kondisyon ko ngayon?”

“Yan nga sana ang itatanong ko sa ’yo. Nasabi mo kasi sa ’kin na hindi nila alam na uuwi ka dahil gusto mo silang sorpresahin. Kung sasabihin ko sa kanila na kasama kita dito sa Singapore, I’m gonna blow up your plan of surprising them. What do you think?”

Saglit itong nag-isip. “Sabagay... baka mag-alala pa sila nang husto sa ’kin, s’abi naman ng doctor ay okay na ako. Mabuti pa nga sigurong huwag na nating sabihin sa kanila tatal pauwi na rin tayo pagkatanggal nitong cast ko.”

“Matulog ka na.”

Inalalayan pa ito ni Tricia hanggang sa makahiga nang maayos. Pagtalikod niya sa lalaki ay napapikit siya nang mariin. Binalikan niya sa isip ang mga nangyari kay Archie hanggang sa makalabas ito ng

*The Heart Shall Remember - Adeline Hart*

---

ospital. At habang nasa daan sila pauwi hanggang makarating sa hotel, lahat na yata ng tungkol sa pagkatao at sa pamilya nito ay nasabi na niya maliban lang kay Amery, na isa sa pinakamagandang bahagi ng alaala nito.

# 3

*“Archie... Archie...”*

*Palinga-linga si Archie habang hinahanap ang pinagmumulan ng tinig ng isang babae na tumatawag sa kanya. Mula sa nakasisilaw na liwanag ay lumabas ang imahe ng isang babae na papalapit sa kanya. Nawala ang liwanag, at malapit na ito sa kanya.*

*Napakunot ang noo niya. Malinaw naman ang lahat ng imahe sa paligid niya katulad ng kinatatayuan niyang hanging bridge at ang ilog sa ilalim niyon. Pero bakit ang mukha ng babaeng ito ay hindi malinaw sa kanya?*

*“Sino ka?” tanong niya.*

*Tumawa ang kaharap. Kahit hindi niya nakikita ang mukha nito ay alam niyang masaya ito. Hinawakan nito ang dalawa niyang kamay at hinila siya.*

*“Ano ka ba?” sabi nito sa kanya. “Hindi dapat biruin nang ganyan ang pinakamahalagang babae sa buhay mo. Halika nga... ipapakita ko sa 'yo ang tunay mong mundo. Ang mundo nating dalawa...”*

*Habang naglalakad sila sa hanging bridge ay*

napatingin siya sa bandang dulo niyon. Parang walang katapusan ang tulay na ito. At dahil hindi niya kilala ang babae, hindi rin siya nakakasiguro kung saan siya dadalhin nito.

“Teka... sandali lang!” awat niya rito habang nagpupumiglas. Nang makawala siya sa kasama ay umatras siya nang umatras.

“Archie... bakit? Ang tagal nating nawalay sa isa’t isa... Hindi ba dapat sabik na sabik tayo sa isa’t isa?”

Hindi na siya nakasagot. Lumusot ang isang paa niya sa butas ng tulay. Nakabitin siya roon nang lapitan naman siya ng isa pang babae.

“Huwag kang gagalaw,” sabi nito. “Kumapit ka nang mahigpit sa braso ko!”

Habang inaalalayan siya ng babae sa pag-ahon sa tulay ay unti-unting luminaw ang imahe ng mukha nito.

“Tricia?”

“Oo,” tugon nito. Mula sa pagkakayuko nito sa kama niya ay tumayo ito. “Ako nga ito. Kanina pa kita ginigising, eh. Para kang binabangungot.”

Babalikwas sana ng bangon si Archie, pero naalala niyang may cast ang braso niya, kaya marahan

siyang bumangon. Kung hindi siya nakainom ng pain reliever bago matulog, marahil ay kikirot na naman ang ulo niya sa pagpipilit na hagilapin sa isip niya kung sino ang mga babae sa panaginip niya.

“Alam kong mahirap para sa ’yo,” ani Tricia. “Pero sana, huwag mong pipilitin, ha?”

Pero kahit pigilan niya ang sariling huwag mag-isip ng kung anu-ano ay pilit namang sumasagi sa isip niya ang babaeng walang mukha.

“Tricia... bukod kay Ate Bea, kay Chyna, at sa ’yo... may iba pa bang babaeng mahalaga sa ’kin na naiwan ko sa Pilipinas?”

Napaawang lang ang bibig ni Tricia, pero hindi agad ito nakapagsalita.

Napakagat-labi ito bago tumugon, “Sasabihin ko rin naman sa ’yo ang tungkol d’on. Kaya lang siyempre, hindi ko muna p’wedeng i-feed sa ’yo lahat, di ba?”

“So... mayr’on nga?” naiinip niyang tanong.

Tumango ito. “Si Amery, ang girlfriend mo.”

---

Oo, sinadya ni Tricia na hindi agad sabihin kay

Archie ang tungkol kay Amery, hindi dahil sa ayaw niyang mabulunan ang utak nito sa dami ng dapat nitong maalala. Subalit nakikita niyang moment niya ito sa Singapore na kasama si Archie. Kahit ilang araw lang. Kahit na blangko ang isip nito.

Hindi naman niya aagawin ang lalaki dahil alam niyang kahit ano ang gawin niya, si Amery pa rin ang mahal nito.

Pero ito na yata ang pinakamasayang birthday sa buong buhay ni Tricia—ang makasama ang lalaking kaisa-isa niyang pinag-alayan ng kanyang puso.

Ngunit nang magtanong si Archie sa kanya kaninang madaling-araw, kinailangan na niyang ipagtapat dito ang tungkol kay Amery. Naisip kasi niyang baka unti-unti nang bumabalik ang alaala nito kaya nagtatanong ito.

“Hoy...”

Ang kaliwang siko ni Archie ang sumagi sa braso niya dahil nakabenda ang kanan nito. Bahagya siyang napapitlag sa pagkakaupo niya sa harap ng infinity pool.

“Mukhang kasing-lalim ng infinity pool ang iniisip mo, ah,” anito habang sabay nilang pinagmamasdan ang pool na nasa tuktok ng *Marina Bay Sands*.

“Naghihinayang ka bang hindi natin natapos ang summit? Di ba ang s’abi n’ong coordinator, p’wede naman daw tayong mag-avail ng software kahit wala tayong certificate of attendance dahil kasama ’yon sa binayaran natin sa registration?”

Hindi niya inaalis ang pagkakatitig sa infinity pool. Napakasarap kasi ng pakiramdam na inaalala ni Archie ang nararamdaman niya. At nakakaisip pa ito ng paraan para mapalubag ang kalooban niya. Pero sana nga ay summit lang ang pinanghihinayangan ni Tricia. Napakadali nitong palipasin, at marami pang summit ang maaaring dumating.

Pero si Archie, nag-effort siyang kalimutan ito. At heto sila ngayon sa isang lugar na silang dalawa lang ang magkakilala. Sila lang ang nakakapag-usap. Magkasama pa sila sa isang kuwarto.

Ang pinakamasakit sa lahat, bumabalik ang nararamdaman niya para sa binata maski alam niyang kahit kailan ay hindi ito magiging kanya.

“Hindi ’yon,” tanggi niya. “Iniisip ko lang kung... ano kaya kung... humingi tayo ng clearance sa doctor mo na magtatanggal ng cast na ’yan.”Tapos, bumalik na tayo sa Pilipinas, at doon ka na lang magpagaling.”

Napaatras ang ulo ni Archie kasabay ang

pagkunot ng noo. Hiniling ng isip niyang sana ay hindi nito magustuhan ang suggestion niya.

“P’wede rin,” tugon nito habang tumatango. Pero tingin niya sa kausap ay parang kinukumbinsi pa lang nito ang sarili tungkol sa gusto niyang mangyari.

Alam niyang ngumiti siya. Pero pakiramdam ni Tricia ay ni hindi man lang nabanat ang kanyang mga labi.

“Kaya lang,” dagdag ni Archie, “paano ko naman mae-enjoy ang pag-uwi ko kung ang mga sasalubong sa ’kin ay hindi ko makikilala? Saka pag uuwi ako sa ganitong kalagayan, paano nila mae-enjoy ang pagdating ko na parang may kulang sa ’kin?”

Hinaplos ng awa ang puso ni Tricia. Pero alam niyang mas mabigat ang rason para umuwi sila kaysa magpagaling ang lalaki rito sa Singapore.

“Marami kayong happy memories ni Amery,” tugon niya. “Mas mapapabilis ang pagbalik ng alaala mo kapag siya ang makakasama mo. Wala naman tayong good memories, eh. Actually, magkaaway pa nga tayo.”

Natigilan agad ang dalaga nang makitang nakatitig sa kanya si Archie nang may pagtataka. Saka lang niya naisip na nasasabi na pala niya ang



pinakaiiwasan niyang topic na mabuksan sa pagitan nilang dalawa.

“Ano’ng pinag-awayan natin?” tanong nito.

Patlang. Nakipagtitigan siya rito. Mayamaya ay ngumiti siya, hanggang sa mauwi sa pagtawa ang ngiting iyon. Hinampas niya sa braso ang kausap.

“Joke lang,” untag niya. “Aalagaan ba naman kita dito kung magkaaway tayo? Anyway, I would insist na mas mabuting umuwi na tayo. Para saan pa na may-ari tayo ng ospital kung hindi ka magagamot d’on? Kaya uwi na tayo, ha?”

“Nag-insist ka na, nagtatanong ka pa?”

Tiningnan niya ang mukha ni Archie, at nakita niyang tila nagpipigil itong mapangiti. Naisip niyang hindi nito ikinapikon ang pamimilit niya rito.

“Pero,” dagdag nito, “pagdating natin sa Pilipinas, huwag mo akong iiwan hangga’t hindi pa ako magaling, ha?”

---

Kinabukasan ay inasikaso agad nila sa ospital ang travel clearance ni Archie bago magpa-book ng flight. Napag-usapan kasi nila na hindi sila uuwi hangga’t hindi nila naipagsa-shopping ang kaisa-isa nilang

pamangkin, kaya maaga silang pumunta sa ospital.

Nabigyan naman agad sila ng clearance, provided na orthopedic physician ang una nilang pupuntahan pagdating nila ng Pilipinas, dahil nga open fracture ang pinsalang natamo ni Archie. Masyado umano itong sensitibo, at mahigpit na ibinilin na huwag kalilimutang inumin ang antibiotic. Nakalagay rin sa referral niya sa doctor kung kailan tatanggalin ang kanyang cast.

At dahil sensitibo ang kanyang kalagayan, pinagbawalan din sila ng doctor na mamasyal pa sa malayo sa kanilang tinutuluyan. Kaya nag-shopping na lang sila sa *Shoppe ng Marina Bay Sands*.

“Picture! Picture!”

Mula sa tinitingnang naka-hanger na *Baleno* shirt ay nilingon ni Archie si Tricia, kasabay niyon ang pag-flash ng camera na hawak nito.

“Kanina ka pa picture nang picture,” angal niya. “Baka maubusan ka na ng film n’yan.”

Nagtatawang lumapit sa kanya ang babae. “Baliw ka! Parang hindi ko na ’ata naabutan ang camera na may film.”

Kinuha ng lalaki ang naka-hanger na gray polo

shirt at itinapat sa katawan niya.

“Maganda, di ba?” tanong niya, pero nakatingin siya sa mukha ni Tricia, at ang pakiramdam niya ay ang maamong mukha nito ang tinutukoy niya.

“Maganda,” tugon nito. “Kaya lang... hindi bagay kay Chyna ’yan, eh.”

“Ikaw pala ang baliw,” natatawang sagot niya. “Kung wala lang akong benda, ihihilamos ko sa mukha mo itong polo shirt na ito.”

Agad namang nakaatras palayo sa kanya si Tricia habang itinututok sa kanya ang camera.

“Hindi mo kasi kaagad sinabing sa ’yo pala ’yan. Ang alam ko kasi, si Chyna ang ipinamimili natin dito. O siya... Wave ka na lang. You’re on video. Aba... Dapat sulitin na natin ang pagpapa-cute dito. Huling araw na natin ito dito sa Singapore.”

Huling araw? Bakit parang ang bigat ng pakiramdam ni Archie na ito na ang huling araw niya rito sa Singapore? Bakit sa pakiwari niya ay ito na rin ang huling araw na makakasama niya si Tricia?

Simula pa lang nang makalabas siya sa ospital noong maaksidente siya ay napansin niya na marami silang napapagkasunduan. Isa na roon ay ang

pagkain. Pareho silang mahilig kumain, at pareho sila ng kinahihiligang pagkain.

Kumalam tuloy ang sikhura niya, at nagsimulang mag-crave for spicy foods ang bibig niya. Kaya inaya na niya si Tricia para kumain.

---

“Advance happy birthday to me,” bulong ni Tricia sa sarili habang itinututok sa mukha ang video. “This is the happiest birthday I’ve ever had.”

Noon lumabas si Archie sa rest room. Dito naman niya itinutok ang video camera.

“Eto po ang last dyinggel ni Engr. Archie Morillo sa isa sa mga rest rooms dito sa *Marina Bay Sands*,” aniya habang sinusundan ito. Katatapos lang nilang kumain, kaya alam niyang magpapahinga na sila sa room nila. “Aakyat na siya sa room namin dahil oras na para uminom ng gamot niya.”

“What?” bulalas nito. Tinabig nito ang video camera. “Ang ibig mong sabihin... hindi mo dala ang gamot ko?”

“Hindi,” sagot niya habang pinandidilatan ito. “Bakit? Ayaw mo pa bang bumalik sa room natin?”

Parang batang nagdabog ito. “Ayaw ko pa. Gusto

ko pang mamasyal.”

Napasimangot ang dalaga. “Hay naku! Pasaway ka, ha! Hindi mo ba narinig ang s’abi ng doctor kanina? Bawal sa ’yo ang mapagod. At saka ayoko nang mamasyal.”